

A Pablo at Roma.

❖ Ang sulat ni Pablo sa mga Taga-Roma.

- Dinala ni Pablo ang handog na nabanggit sa Roma 15:25-26 sa Jerusalem pagkatapos ng kaniyang ikatlong misyonerong paglalakbay. Iyon ay nagmumungkahi na na ang sulat ni Pablo sa mga taga- Roma ay isinulat sa panahon ng unang mga buwan ng taong 58 AD sa panahon ng kaniyang pamamalagi sa Corinto.
- Narinig ni Pablo ang balita tungkol sa apostasiya ng mga taga-Galacia na niyakap ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa, kaya sumulat siya ng magaspang na liham. Nais rin niyang babalaan ang Roma upang maiwasan nila ang pagkakamaling iyon.

❖ Ang pagnanais ni Pablo na bisitahin ang Roma.

- Ayon sa Roma 15, bakit hindi magawang bisitahin ni Pablo ang Roma sa panahong iyon?
 - (1) Nais niyang ipalaganap ang Ebanghelyo sa mga lugar na wala pang mga iglesiang nakatayo (v. 20-22).
 - (2) Kailangan niyang ihatid ang ilang mga handog mula sa Macedonia at Achaia patungong Jerusalem (v. 15:25-28).
- Pagkatapos ay nagplano si Pablong pumunta sa Espanya at binisita ang Roma sa kaniyang daan paparoon (v. 28).
- Siya ay umasa na siya ay magiging isang pagpapala para sa mga taga-Roma, at kaniyang inaasahan sila na tulungan siya sa kaniyang gawain sa Espanya (v. 24). Sa paraang iyon ang mga taga-Roma ay maaaring maging pagpapala rin sa iba.

❖ Si Pablo sa Roma.

- Siya ay inaresto habang binibisita ang Templo. Inakusahan siya ng pagdadala sa mga Hentil sa *atrium*.
- Si Pablo ay inilipat sa Caesarea at siya ay nanatiling ligtas doon sa loob ng dalawang taon. Pagkatapos inilipat siya sa Roma sapagka't siya ay umapela kay Caesar.
- Doon siya ay may kalayaang makapangaral sa mga Hudyo at mga Hentil (Mga Gawa 28:11-31).

B Ang Iglesia sa Roma.

❖ Tinawag upang maging mga banal. Roma 1:7.

- Ang mga pagbati sa Roma 1 ay isinulat sa mga mananampalataya sa Roma ngunit ang mga ito rin ay naayon sa atin. Sabi ni Pablo tayo ay:
 - (1) Minamahal ng Diyos. Minamahal ng espesyal ng Diyos silang sumasagot sa Kaniyang pag-ibig.
 - (2) Tinawag upang maging mga banal. Tayo ay ibinukod mula sa mundo at pinabanal sa Diyos dahil tinanggap natin si Cristo at tayo ay nabautismuhan.
- Mahal ng Diyos ang bawa't isa at pumili ng bawa't isa upang maligtas. Gayon pa man, tanging silang tumanggap sa kaligtasan ang makatatanggap nito (Efeso 1:4; Hebreo 2:9; 2 Pedro 3:9).

❖ Ang mga mananampalataya sa Roma. Roma 15:14.

- Pinuri ni Pablo ang pananampalataya ng mga taga-Roma at ang tatlong iba pang mga bagay:
 - (1) Sila ay puno ng kabutihan. Ang paraan ng kanilang pamumuhay ay nagpapatotoo sa pag-ibig ng Diyos.
 - (2) Sila ay napupuno ng kaalaman. Sila ay nakaugat sa Bibliya.
 - (3) May kakayahan silang punain o payuhan ang isa't isa. Kaya nilang palakasin ang bawa't isa at mapalakas din ng iba.